

Tungkol sa Klase sa Wikang Hapon at Pagtuturo ng

Wikang Hapon

◆ Klase sa Wikang Hapon

Ang klase sa Wikang Hapon ay isang espesyal na klase para sa mga dayuhang mag-aaral at mga batang nagbalik mula sa ibang bansa na ang kakayahan sa wikang Hapon ay hindi pa sapat upang mamuhay at makapag-aral nang maayos sa paaralan. Sa klaseng ito, sila ay nag-aaral ng wikang Hapon.

Ang mga maaaring makatanggap ng serbisyong ito ay ang mga sumusunod:

Klase sa Wikang Hapon sa Minami-Osawa Elementary School

Ang mga dayuhang mag-aaral o mga batang nagbalik mula sa ibang bansa na naka-enrol sa mga sumusunod na paaralan ay saklaw ng programang ito.

Yugi Chuo	Yugi Higashi	Yugi Nishi	Kashima	Matsugaya	Kashiwagi	Minamiosawa	Miyakami
由木中央小	由木東小	由木西小	鹿島小	松之谷小	柏木小	南大沢小	宮上小
Akibadai	Bessho	Atago	Matsugi	Shimo Yugi	Kami Yugi	Nagaike	Yarimizu
秋葉台小	別所小	愛宕小	松木小	下柚木小	上柚木小	長池小	鎌水小

Klase sa Wikang Hapon sa Yui Daiichi Elementary School

Ang mga dayuhang bata o mga batang nagbalik mula sa ibang bansa na naka-enrol sa mga pampublikong paaralang elementarya ng Lungsod ng Hachioji, maliban sa mga nabanggit sa itaas, ay maaaring dumalo sa programang ito.

Klase sa Wikang Hapon sa Uchikoshi Junior High School

Ang mga dayuhang mag-aaral o mga mag-aaral na nagbalik mula sa ibang bansa na naka-enrol sa mga pampublikong junior high school ng Lungsod ng Hachioji ay maaaring dumalo sa programang ito.

Ang mga bata at mag-aaral ay maaaring pumasok sa klase sa Wikang Hapon na kanilang nais pagkatapos ng kanilang mga regular na klase sa paaralang kanilang pinapasukan. Ang mga magulang o tagapag-alaga ang may pananagutan sa pagtiyak ng kaligtasan ng bata sa pagpunta at pag-uwi mula sa klase sa Wikang Hapon, gayundin sa kanyang pag-uwi sa bahay.

Libre ang pagdalo sa klase sa Wikang Hapon. Kung gagamit ng pampublikong transportasyon tulad ng bus o tren, ibibigay ang kabayaran para sa pamasahe.

Sa pangkalahatan, ang pagpasok sa klase ay dalawang beses bawat linggo, dalawang oras sa bawat sesyon, o hanggang apat na oras bawat linggo sa kabuuan. Ang panahon ng pagtuturo ay karaniwang hanggang dalawang taon. Bukod dito, ang tanghalian sa paaralan (school lunch) ay kakainin sa paaralang pinapasukan ng mag-aaral.

Kung nais ninyong papasukin ang inyong anak sa klase sa Wikang Hapon, mangyaring kumonsulta sa gurong namamahala o sa punong-guro ng paaralang kanyang pinapasukan. Ang aplikasyon ay isusumite sa pamamagitan ng paaralan.

◆ **Pagtuturo ng Wikang Hapon**

Ang Lupon ng Edukasyon ng Lungsod ng Hachioji ay nagpapadala ng mga tagapagturo ng Wikang Hapon sa mga pampublikong paaralang elementarya at junior high school upang magbigay ng suporta sa mga dayuhang bata at mag-aaral, gayundin sa mga batang nagbalik mula sa ibang bansa, na nakararanas ng kahirapan sa pag-aaral o sa buhay-paaralan dahil sa kakulangan sa kasanayan sa wikang Hapon.

Kung nais ninyong gamitin ang serbisyong ito, mangyaring kumonsulta sa gurong namamahala o sa punong-guro ng paaralang pinapasukan ng bata. Ang aplikasyon ay isusumite sa pamamagitan ng paaralan.

◆ **Pagpapadala ng School Life Support Staff para sa mga Dayuhang Bata at Mag-aaral**

Ang programang ito ay para sa mga bata at mag-aaral na bagong dating sa Japan, hindi pa sanay sa pamumuhay sa Japan, at halos hindi pa nakauunawa ng wikang Hapon.

Upang mabawasan ang kanilang pangamba at matulungan silang maayos na makapag-angkop sa buhay-paaralan, ang Lupon ng Edukasyon ng Lungsod ng Hachioji ay nagpapadala ng School Life Support Staff sa paaralang kanilang pinapasukan bilang paunang suporta sa loob ng isang takdang panahon.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Education Guidance Division (Kyōiku Shidō-ka) ng Lupon ng Edukasyon ng Lungsod ng Hachioji.